

# Ota City Navigation



## Para sa mga may My Number Card

### Gusto mo bang gamitin ang iyong "Myna Point?"



#### Ano ang "Myna Point?"

Kung mayroon kang My Number Card at chinarge o namili ka gamit ang electronic money o credit card na iyong pinili, maaari kang makakuha ng puntos ng 25% ng ginamit mo (hanggang 5,000 yen).

Kailangan magrehistro nang maaga!



#### Kailan

Hanggang Marso, 31, 2021 (maaaring magsarado ng maaga)

#### 1 Mag-apply sa web

Maaari kang mag-apply gamit ang smartphone na sumusuporta ng My Number Card o ng PC na may IC Card reader/writer.

#### 2 Aplikasyon sa tanggapan

Sa Ota-ku, nagbibigay kami ng suporta sa setting para sa mga nahihirapan mag-apply para sa MyNaPoint nang mag-isa.

\*Hangga't maaari, mangyaring gumamit ng aplikasyon sa web upang maiwasan ang mga nakakahawang sakit.

#### Saan

- 1 Ota City Office ika-1 palapag ng north lobby
- 2 Ota City My Number Card Center (2-3-7 Sanno, Ota-ku)

#### Oras ng pagtanggap

Lunes - Biyernes 9:00 am - 6:30 pm  
Sabado at Linggo 9:00 am - 4:30 pm  
(Maliban sa pangatlong Sabado at ang susunod na Linggo, Holiday, pagtatapos at pagsisimula ng taon)

#### Ano ang dadalhin

Iyong My Number Card  
"Payment Service ID" at "Security Code"  
ng cashless payment service na irerehistro

#### Magkano

Libre

#### Paraan ng pag-apply

Web o tanggapan


#### Makipag-ugnay sa

#### Komprehensibong libreng dial ng Ministry of Internal Affairs and Communications My Number

☎ 0120-95-0178 \*Wikang Hapon Piliin ang numero 5  
☎ 0570-010076 \*Tumutugon sa wikang Ingles/Intsik/Koreano/Espanyol/Portuges  
(Buong araw: 9:30 am - 8:00 pm)  
URL <https://mynumbercard.point.soumu.go.jp/>

#### Ota City's My Number Call Center

☎ 0570-03-3370 \*Tumutugon sa wikang Hapon/Ingles/Intsik/Koreano  
FAX 050-3737-9318  
(Weekday 9:00 am - 5:00 pm)  
URL <https://www.city.ota.tokyo.jp/kuseijoho/mynumber/tetuduki/mykeyid-mynupoint.html>



# Pagpapakilala ng klase sa wikang Hapon ng mga boluntaryo sa Ota-ku

Maraming mga klase sa wikang Hapon na pinamamahalaan ng mga boluntaryo sa Ota-ku. Ipapakilala namin ang mga klase sa wikang Hapon sa lugar ng Kamata at lugar ng Omori. Kung nais mong mag-aral sa mga klase sa wikang Hapon na ito, mangyaring makipag-ugnayan ng direkta sa bawat klase sa wikang Hapon.

\*Tandaan: Dahil sa epekto ng bagong coronavirus, may mga klaseng aktibo sa online at klase na nakansela. Kung nais mong dumalo, mangyaring tiyaking makipag-ugnayan sa klase bago dumalo.

## Mga boluntaryong Japanese class sa loob ng Ota ku (Kamata) (Kasalukyan Setyembre 15, 2020)

Pangalan ng grupo	Nararapat	Araw	Oras	Lugar/ Address	Makipag-ugnayan sa Mga detalye	Bayad	Laman ng pag-aaralan	Karamihang Nasyonalidad
Nihongo WITH	Maaaring sumali kahit sino (ngunit, dapat 16 yrs. Old pataas)	Mon.	7:00 pm ~ 8:30 pm	Fureai Hasunuma (cultural facility) 3-19-1 Nishi-kamata	Mr. Taketomo Miyashita (tumawag lamang pagkatapos ng 5:00 pm weekdays o sabado) ☎ 090-1460-0357 nihongowith7@gmail.com	Isang beses sa isang linggo ¥1,000/buwan	Beginner hanggang intermediate Pangunahing "Minna no Nihongo"	
OCNet (Pamumuhay ng Ota na kasama ang mga Dayuhan·Network ng mamamayan)	Beginner	Wed.	7:00 pm ~ 8:45 pm		OCNet Office ☎ & FAX 03-3730-0556 Ms. Naoko Tenmyo Mobile: 090-8594-2397	Isang beses sa isang linggo ¥1,000/ buwan 2 beses sa isang linggo o higit pa ¥2,000/buwan	Isagawa ang online na klase Group lesson Tea time pagkatapos ng lesson Seasonal event (tulad ng Hinamatsuri, atbp) "Minna no Nihongo I, II"	Nepalese Vietnamese Chinese
		Fri.	10:00 am ~ 11:30 am					
Elementary & Junior H.S. students	Wed.	3:30 pm ~ 5:00 pm	Isang beses sa isang linggo ¥1,000/ buwan 2 beses sa isang linggo o higit pa ¥1,500/buwan					Chinese
	Sat.	1:30 pm ~ 2:40 pm						
Nihongo Kouryu Club (Japanese Exchange Club)	Junior H.S. pataas na nakakabasa at nakakasulat ng Hiragana	Sat.	9:30 am ~ 12:00 pm	Mr. Koichi Kurata ☎ 090-4428-8771 nicokhonda@yahoo.co.jp	¥1,000/buwan	Hiwalay ang antas ng tatlong klase Kuha sa form ng textbook sa eskwelahan ang gagamitin "Minna no Nihongo"	Chinese Taiwanese Filipino Vietnamese Thailander	
Hajimete no Nihongo (baguhan sa wikang Hapon)	Beginner	Sat.	10:00 am ~ 11:30 am	mics Ota (Multicultural Society Promotion Center) 5-13-26-101 Kamata	Ms. Hoshino Hiroko ☎ 080-3205-3649 mignonhoshino@gmail.com Maaaring ma-contact anytime Japanese o English	¥100/bawat klase	Maaari ang mga bata baguhan na mag-aral ng salitang Hapon·Sinanay sa Hiragana na gamit ang textbook "Minna no Nihongo" Isagawa ang online na klase Maaaring kumunsulta sa oras	Chinese, Filipino, Vietnamese
Nichiyo Nihongo kaiwa circle (Sunday Japanese)	Maaaring sumali kahit sino	Sun.	10:00 am ~ 12:00 pm	Mr. Kubota Nobuo ☎ 090-1762-4713 (Maaaring ma-contact sa English)	¥50 /bawat klase	Natututo sa masayang pakikipag-usap Text: depende sa mag-aaral	Chinese, Vietnamese at Nepalese	
Legato Ota	Maaaring sumali kahit sino	Sun.	1:00 pm ~ 3:00 pm (Feb., Mar, Jun, Jul, Oct. at Nov.)	Opisina ng Legato Ota 1F TKK mansion, 6-36-14 Nishi-Kamata	Mr. Yamaguchi nihongoc-h30@cp.em-net.ne.jp	¥2,000 / 1 kurso (8 beses)	1) Japanese Beginner Course 2) Japanese basic sentence pattern conversation course 3) Intermediate Course 4) Business Japanese Course - Impormasyon ukol sa kurso - *Isagawa ang online na klase	Chinese, Korean, Thai, Vietnamese, Nepalese, Espanyol, Filipino, at Ghana
Habataki	Elementary at Junior H.S. Students High School Examinees	Mon. Thurs.	7:00 pm ~ 9:00 pm	Shinshuku Elementary School 1-5-1 Kamata-Honcho	Mr. Yoshiharu Kawai ☎ 080-3520-4689 12:00 pm ~ Midnight kawai0316@softbank.ne.jp	2 beses sa isang linggo ¥1,500/ buwan	Pag-aaral na suporta para sa Elementary at Junior H.S. students na nahihirapan sa partikular na subject sa eskwela. Pangkaraniwan : One on one support Text : Teaching materials sa eskwela atbp.	Chinese, Filipino
Mebae (Haginaka) Grupo ng mga bata sa Japanese	Elementary at Junior High School students	Tues. Thurs.	7:00 pm ~ 9:00 pm	Haginaka Elementary School 3-4-22 Hon-haneda	Mr. Kesahide Okuyama ☎ 080-5935-2271	2 beses sa isang linggo ¥1,500/buwan	Pag-aaral na suporta para sa Elem. Junior H.S. students na nahihirapan sa partikular na subject sa eskwela. Pangkaraniwan: One on one support Text: Teaching materials sa eskwela atbp.	Chinese Filipino Pakistani
Nihongo circle Tuesday meeting	Beginners at Intermediate level	Tues.	10:30 am ~ 12:00 pm	Chidori Children's Center (Chidori Jidoukan) 3-11-7 Chidori	Ms. Chieko Kurita ☎ 03-3751-7592 9:00 am ~ 8:00 pm	¥1,000/buwan	"Minna no Nihongo" ang gagamiting textbook	

## Mga boluntaryong Japanese class sa loob ng Ota ku (Omori) (Kasalukyan Setyembre 15, 2020)

Pangalan ng grupo	Nararapat	Araw	Oras	Lugar/ Address	Makipag-ugnayan sa Mga detalye	Bayad	Laman ng pag-aaralan	Karamihang Nasyonalidad
Seikatsu Nihongo '96	Maaaring sumali kahit sino	Mon.	10:00 am ~ 12:00 pm	Sanno Kaikan Room# 301 3-37-11 Sanno *☎ 03-3773-6284 Maaari lamang na tumawag sa oras na may klase	Mon. 10:00 am ~ 12:00 pm Sanno Kaikan Room# 301 ☎ 03-3773-6284	¥250/1 beses	Hinahati sa level ang klase Mas madami ang matagal na dito sa Japan "Minna no Nihongo" mayroong din Intermediate at Advance	Chinese
Uguisu Japanese class	Maaaring sumali kahit sino	Tues. Thurs.	7:00 pm ~ 9:00 pm		uguisu_nihongo@hotmail.com Maaaring ma-contact sa English	Isang beses sa isang linggo ¥1,000/buwan 2beses sa isang linggo ¥1,500/buwan	Malawakang pagtuturo mula Introductory Advance level Seasonal event(May interchange din maliban sa pag-aaral) "Minna no Nihongo"	Chinese, Vietnamese
Nihongo21	Maaaring sumali kahit sino	Wed.	10:00 am ~ 11:30 am		Wed. 10:00 am ~ 11:30 am Sanno Kaikan Room# 301 ☎ 03-3773-6284	¥2,000/buwan	Pagsusulat/Pagbabasa/Salita/Pandinig ang layunin ng pag-aaral "New Bunka shokyu Nihongo I, II"	
Thursday Japanese circle	Maaaring sumali kahit sino	Thurs.	10:00 am ~ 12:00 pm		mokuyouc-h28@ck.em-net.ne.jp (kahit kailan maaaring ma-contact sa Japanese lamang)	¥1,000/buwan	Introductory~Upper grade Mag-aral kasama ang anak Tea time sa classroom Isagawa ang online na klase	Chinese, Filipino, Vietnamese, Thaiander, Taiwanese, Indonesian, Nepalist
OCNet (Pamumuhay ng Ota na kasama ang mga Dayuhan·Network ng mamamayan)	Beginner	Fri.	1:30 pm ~ 3:30 pm		OCNet Office ☎ & FAX 03-3730-0556 Ms. Naoko Tenmyo Mobile: 090-8594-2397	Isang beses sa isang linggo ¥1,000/buwan 2beses sa isang linggo o higit pa ¥2,000/buwan	Grupong pag-aaral May tea time pagkatapos ng klase Seasonal event "Minna no Nihongo, II"	Chinese, Indonesian
Japanese salon	Maaaring sumali kahit sino	Sat.	2:00 pm ~ 4:00 pm		Sanno Kaikan Room# 301 ☎ 03-3773-6284 (Sat 2:00 pm ~ 4:00 pm)	Libre	Hinahati sa level ang klase Mas binibigyan ng pansin ang pag-uusap sa salitang Hapon	
Ota Nihongo Hiroba	Maaaring sumali kahit sino	Mon. Tues.	7:00 pm ~ 9:00 pm 10:00 am ~ 12:00 pm	Sanno Kaikan Room# 303 3-37-11 Sanno *☎ 03-3773-8347 Maaari lamang na tumawag sa oras na may klase	Ms. Kyoko Wakata waka_k0904@yahoo.co.jp (Maaari ma-contact sa English)	¥100/1beses	Kung saan ino-offer ang Conversational Format,Pakikinig at Pakipag-usap ng Nihonggo para sa Grupo ng 2~3 katao at ng mga Staff	Chinese, Filipino, Vietnamese
Nihongo gururitto	Karamihan ang 6~18yrs. Old	Mon. Wed. Fri.	10:00 am ~ 12:00 pm 2:00 pm ~ 4:00 pm		Ms. Tokiko Iijima ☎ 03-5709-1347 Mobile 080-3428-5709 info@nihongo-gururitto.com	¥500/1 beses ¥1,000/1beses *libre ang bago pumasok sa eskwela	Suporta sa pag-aaral ng mga bata. Binibigyan ng pansin ang salitang Hapon,pag-aaral na may kaugnayan sa paksa sa eskwela (textbooks atbp) "Nihongo o manabou" kaugnay sa texbooks sa eskwela,atbp	Chinese, Filipino
Nihongo Cafe Ota	Kahit sino na 18yrs. old pataas	Wed.	7:00 pm ~ 8:30 pm	Senzokuike Library Multipurpose Room (2nd Floor) 2-2-10, Minami-Senzoku	<a href="http://bit.do/nihongo_ota">http://bit.do/nihongo_ota</a>	¥100/1 beses	Pag-uusap ang focus ng pag-aaral	

# Tungkol sa pagtanggap ng mga bisikleta

## Mga Regulasyon

Hinihiling ng Ota-ku sa mga taong gumagamit ng bisikleta na huwag iparada ang inyong mga bisikleta sa mga pampublikong lugar (mga lugar na hindi paradahan tulad ng kalsada, parke, open space sa harap ng istasyon, atbp.) sa ilalim ng “regulasyon na nauugnay sa wastong paggamit ng bisikleta at pagpapaunlad ng paradahan ng mga bisikleta sa Ota-ku.” Ito ay, kung ang isang bisikleta ay inilagay sa isang pampublikong lugar, maaaring humantong sa iba't ibang problema tulad ng mahihirapan dumaan ang mga bata, matatanda, o mga may kapansanan, o maaaring mahulog ang bisikleta at masugatan ang mga naglalakad, o makagambala sa pagdaan ng mga sasakyan pang emerhensiya kapag may sakuna. Kaya, **kung ipaparada mo ang iyong bisikleta, ilagay ito sa paradahan ng bisikleta kahit sa maikling panahon.**

## Mga lugar na ipinagbabawal ang pa-iwan ng bisikleta

Bilang karagdagan, nakasaad sa regulasyon na, may sinet-up na “lugar na ipinagbabawal ang pag-iwan ng mga bisikleta, atbp” sa ilang mga lugar sa Ota-ku, at kung mayroong bisikleta sa lugar na iyon, maaaring itong tanggalin. Ang mga “lugar na ipinagbabawal ang pag-iwan ng mga bisikleta, atbp” ay pangunahing naka-set malapit sa istasyon tulad ng paligid ng Kamata station at paligid ng Omori station, at may mga signboard tulad ng nasa larawan na nakalagay sa lugar.

## Kung tinanggal ang bisikleta

Bilang pangkalahatang tuntunin, ang mga bisikleta na tinanggal ng Ota-ku ay iiimbak sa imbakan ng 30 araw. Mangyaring tandaan na ang mga bisikletang lumipas na sa panahon ng pa-iimbak ay itatapon. Para sa mga bisikletang nakarehistro para sa pag-iwas sa krimen, magpapadala kami ng postkard sa bahay ng may-ari nito upang ipaalam sa kanila na tinanggal namin ang kanilang bisikleta. Hindi maaaring magbigay ng abiso para sa mga bisikleta na hindi nakarehistro para sa pag-iwas sa krimen. Ang pagrehistro para sa pag-iwas sa krimen ng bisikleta ay kinakailangan ayon sa “Batas sa pagtataguyod ng ligtas na paggamit ng mga bisikleta at komprehensibong pag-unlad ng mga panukala sa paradahan ng bisikleta.” Kung ikaw ay hindi pa nakarehistro para sa pag-iwas sa krimen, mangyaring magparehistro para sa pag-iwas sa krimen sa malapit na bentahan ng bisikleta.

Makipag-ugnay sa

Road Safety and General Bicycle Planning Section,  
Urban Infrastructure Development Management  
Division  
☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527

## Imbakan

Mayroong 4 na lokasyon ng imbakan sa Ota-ku. Ang imbakan kung saan dinadala ang mga bisikleta ay naiiba depende sa lugar kung saan inilagay ang bisikleta. Mangyaring kumpirmahin ang mga sumusunod para sa mga detalye. Mangyaring ihanda at dalhin ang mga kinakailangan na bagay upang maibalik ang iyong bisikleta sa araw ng pagbabalik at sa loob ng oras ng pagbabalik mula sa imbakan.

## Outline ng imbakan

Araw ng pagbabalik

Lunes hanggang Linggo (Ngunit, maliban sa holiday, substitute holiday, Disyembre 29 hanggang Enero 3)

Oras ng pagbabalik

11:00 am hanggang 7:00 pm

Mga kinakailangan na bagay para sa pagbabalik

- (1) Mga dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan (Residence card, lisensya, atbp.)
  - (2) Susi ng bisikleta
  - (3) Removal fee (3,000 yen para sa bisikleta)
- Ang bisikleta ay isang kumbinyente sasakyan, ngunit maaari silang maging sagabal sa ibang tao depende kung saan ito inilagay. Mangyaring sundin ang patakaran at manner, at gamitin ito nang tama.

## Imbakan

### • Unang imbakan (imbakan sa ilalim ng Heiwajima overpass)

1-2 Heiwajima, Ota-ku ☎ 03-3765-5161

Ang mga bisikletang tinanggal sa rehiyon ng Omori at rehiyon ng Chofu ay dadalhin dito.

### • Pangalawang imbakan (imbakan sa ilalim ng Miyako Ohashi-bridge)

5-1 Heiwajima, Ota-ku ☎ 03-3765-5162

Ang mga bisikletang tinanggal sa silangang exit ng istasyon ng Kamata ay dadalhin dito.

### • Pangatlong imbakan (imbakan sa ilalim ng Miyako Ohashi)

Heiwa no Mori Park 2, Ota-ku ☎ 03-3765-5163

Ang mga bisikletang tinanggal sa kanluran ng istasyon ng Kamata at istasyon ng Hasunuma, atbp, ay dadalhin dito.

### • Pang-anim na imbakan (imbakan sa ilalim ng Rokugo bridge)

4-30 Rokugo, Ota-ku

☎ 03-3736-0372

Ang mga bisikletang tinanggal sa istasyon ng Keikyuu Kamata, istasyon ng Zoshiki, at istasyon ng Kojiya, atbp, ay dadalhin dito.

\*Walang mga tauhan na maaaring magsalita sa wikang Banyaga sa imbakan na mga ito.

